
# Ano ang mga Templo?

Ang templo ay ang bahay ng Diyos. Bawat templo ay isang espesyal na gusali kung saan natin sinasamba ang Ama sa Langit at si Jesucristo.







Sa loob, nagdarasal at nakikipagtipan ang mga tao , o gumagawa ng mga sagradong pangako, sa Ama sa Langit. Tumutulong tayong maibigay sa mga pumanaw na ang pagkakataong matanggap ang mga pagpapala ring ito.

Ang mga templo ay mga lugar din kung saan maaaring mabuklod ang mga pamilya magpakailanman.





Kapag mas matanda ka na, maaari ka na ring pumasok!



Maaari nating madama ang pagmamahal ng Diyos sa loob ng templo.